

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdidiriwang ng Brampton nang birtwal ang International Women's Day sa Marso 8

BRAMPTON, ON (Marso 3, 2021) – Ipagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton nang birtwal ang International Women's Day sa Lunes, Marso 8, na may buong araw na kumperensya na nagha-highlight sa pagkakaisa, pagnilay-nilay, adbokasiya at aksyon kapwa sa buong mundo at lokal na antas.

Ang taga-Brampton na si Cristina Howorun, isang award-winning journalist sa CityNews sa Toronto, ang magho-host sa event, na magsisimula sa 8 am na may birtwal na networking, na susundan ng pagkilala sa mga Katutubo at drumming ceremony ni Mskwaasin Agnew. Ang Zonta Club ng Brampton-Caledon ay ang partner sa komunidad ng Lungsod ng Brampton sa pagpipresenta sa kumperensya na ito. Para mag-register para sa buong araw na online na kumperensya at lumahok sa birtwal na market, mag-click [dito](#). Kabilang sa mga highlight ng kumperensya:

- Ang keynote speaker na si Oluniké Adeliyi, isang ipinanganak sa Brampton na aktor at star ng Workin' Moms, ay magsasalita tungkol sa pagpasok sa mahirap na industriya ng pag-arte bilang isang Canadian na babae na may kulay na hindi puti
- Sherry Holmes, isang contractor, television host, at ambassador para sa mga babae sa mga trade, tinatalakay ang pag-angat ng mga babae sa mga trade industries na pinamumunuan ng mga lalaki
- Dr. Fariha Khan at nurse Filiz Ozmisir ay may bukas na pag-uusap tungkol sa buhay sa buong pandemya
- Si Psychologist Dr. Areeba Adnan ay magsasalita tungkol sa pagkamadaling nakakabangon ng mga kababaihan at mga epekto sa kalusugan ng ating isip
- Lunchtime workshops sa: pagkakapantay-pantay ng kasarian; edukasyon; kabataan at mga tin-edger; mga ina at pangangalaga ng anak; mga babae sa pananampalataya, pagkakaiba-iba at kultura; kaisipan, kaluluwa, fitness at kalusugan; mga babae sa krisis; at, mga babae sa teknolohiya
- Mga performance ng taga-Brampton na sina Roberta Battaglia, isang finalist sa America's Got Talent; Nneka Atto, isang Canadian-Nigerian folk, country, at R&B. singer; at, R&B/Hip-hop artist Ameerah Khan
- Sandali ng meditasyon na iho-host ni Snigdha Malik, at birtwal na stretch at refocus kasama si Lisa Clarke, may-ari ng Aura House sa Brampton

Ang Brampton Entrepreneur Centre (BEC) ay magho-host din ng dalawang workshop kaugnay ng International Women's Day:

Biyernes, Marso 5, mula 11 am – 12 pm

Ipipresenta ng BEC si Dr. Robyne Hanley-Dafoe, na magsasalita tungkol sa personal na pagkakaayon: pagbalanse at pag-enjoy sa buhay at trabaho. Sasaliksikin ng mga kalahok ang tagatukoy ng personal na pagpapahalaga t matutunan ang mga teknik na nagtataguyod ng nakakalusog na mga habit at

nagtataguyod ng malalim na kaligayahan sa pamamagitan ng pagpapaayon sa ating trabaho na may layunin at personal na mga pagpapahalaga. Para mag-register, i-click [dito](#).

Marso 8, mula 11 am – 12 pm

Ipipresenta ng BEC ang Caffeinate & Celebrate – isang mix at mingle social hour para sa mga babaeng negosyante at mga may-ari ng negosyo na nasa isip ang paglago. Makapagnilay-nilay ang mga kalahok kung ano ang ibig sabihin sa iyo ng babae sa negosyo; makihalubilo sa saya, pinadaling breakouts; at ibahagi ang iyong mga ideya para sa pag-reimagine ng “business as usual”. Para mag-register, i-click [dito](#).

Mga Quote

“Ang International Women's Day ay isang pandaigdigang pagdiriwang sa panlipunan, pang-ekonomiya, kultural at politikal na mga tagumpay ng kababaihan. Inaalala din ng araw ang panawagan sa aksyon para sa pagpapabilis sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, Malinaw ang mahalagang aktibidad habang nagtitipon-tipon ang mga organisasyon at mga pangkat para ipagdiwang ang mga tagumpay ng kababaihan at kumilos para sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Taon-taong minarkahan sa Marso 8, ang International Women's Day ay isa sa pinakamahalagang mga araw ng taon para kilalanin ang ating momentum at commitment sa paggawa ng sistemik na mga pagbabago para marating ang ganap na pagkakapantay-pantay ng kasarian. Mas lalo nating kinikilala ang mga babae sa ating mga frontlines na patuloy na umaangat sa okasyon sa panahon nitong pandemya.”

- *Rowena Santos, Wards 1 at 5 Rehiyonal na Konsehal*

Ang “International Women's Day ay tungkol sa pagdiriwang sa kapangyarihan at lakas ng mga babae, na nasa harap na hanay nitong pandemya. Nagpapaliwanag ito sa spotlight sa maraming inspirasyonal, sumusuporta at nagpapasiglang mga kwento na nagpapalakas sa atin, bilang mga babae, para makamit ang ganap na potensyal.”

- *Charmaine Williams, Wards 7 at Konsehal ng Lungsod*

“Kahit na ipinagbabawal ang mga personal na pagtitipon-tipon dahil sa COVID-19, ang Lungsod ng Brampton ay committed sa pagdiriwang sa International Women's Day nang birtwal. Ang araw na ito ay isang pagkakataon para tayo ay magnilay-nilay at pansinin ang mga ambag na nagawa ng mga babae, at paalalahanan ang ating mga sarili sa papel na ginagampanan nating lahat sa pagpapasulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang

teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca